

1



Ang mga anak ni Don Rafael Arellano ay tanyag sa mga taga-San Agustin. Itinuturing na mini celebrities ang magkakapatid na Dominic, Vincent, at Francis. Lumaki si Maggie na may crush sa panganay sa magkakapatid, si Dominic. Para sa kanya, ito ang perfect boyfriend.

Siguro kung nobyo niya ang lalaki, magiging paborito siyang anak ng mga magulang niya at ituturing siyang diyosa ng mga kamag-anak niya. Kaya ipinangako niya sa sarili na kung mag-aasawa siya ay isang tulad ni Dominic ang pakakasalan niya—guwapo, matalino, at mayaman.

Hindi naman siya delusional na iisipin niyang may pag-asa siyang mapansin man lang nito. Ang mga bagay rito ay ang mga tulad ni Arabella Sison, isang magaling na pintor at isang sikat na heredera na siyang kasalukuyang nauugnay sa binata.

Noong nakaraang araw ay umuwi nga si Dominic sa San Agustin at kasama nito ang babae. Iyon ang unang pagkakataon na may isinama ito sa pagbalik sa kanilang lugar. Isa sa mga sobrang naapektuhan sa pangyayari ay ang pinsan niyang si Charie.

Samantalang siya ay bukal sa loob na sinukuan na ang pagsintang pururot kay Dominic.

“Ayoko! Hindi ako papayag na maging sila ni Papa Dom!” ngawa ng pinsan niya. Gumulong-gulong ito sa kama niya.

Nakaharap noon si Maggie sa salamin at sinusuklay ang kanyang buhok. Sabado at papunta sila sa sapa gaya ng nakagawian nilang gawin tuwing sumasapit ang araw na iyon.

“Naku, tigilan mo nga ako sa arte mo, Charie,” banat niya rito. Matanda ito ng isang taon sa kanya pero parang bata kung umasta. Between the two of them, she was the emotionally and mentally mature one.

“Bakit gan’un lang kadali sa ’yo na mag-move on? Parang hindi isang dekada ang tinagal ng pagsinta mo kay Papa Dom. Hindi pa nga tayo nakakabili ng una nating napkin, siya na ang sentro ng paglalandi natin.” Bumangon ito at tumingin sa kanya.

“Eh, ano’ng gusto mong gawin ko? Hintayin na mag-menopause ako bago ako mag-move on?” Inirapan niya ito sa salamin. “Kung ako sa ’yo, ’wag mo nang hintayin na ma-expire ang mga egg cells mo bago ka pa maghanap ng bagong pagtutuunan ng pansin. Sinasabi ko sa ’yo, ikaw plus Dominic Arellano equals syntax error.” Hindi ito sumagot. Humiga lang ito ulit sa kama. Bigla siyang nakonsyensya. Hinarap niya ito.

“Charie, ang buhay ay hindi isang pocketbook. Hindi laging nahuhulog ang mga tulad ni Dominic

sa mga tulad natin. Minsan, ang prinsipeng ay para lang sa prinsesa.” Lumapit siya rito. “Okay lang mangarap, huwag ka lang aasa.” Hinaplos niya ang buhok ng pinsan.

“Alam ko naman ’yan,” sabi nito sa wakas. “Kaso hindi ko lang siya gusto, mahal ko na siya. Alam mo ’yan. Kaya mas mahirap mag-move on kasi mas malalim ang pinaghuhugutan.” Bumuntong-hininga ito.

Gusto sana niyang sabihin sa pinsan na hindi bagay rito ang unrequited love na drama. Sa halip ay tinapik na lang niya ito sa braso.

“Iligo na lang natin ’yang kabiguan mo.”



Ang sapa ang paboritong lugar ni Maggie sa San Agustin. Malinaw at malamig ang tubig doon. Higit sa lahat, walang masyadong nagpupunta roon kaya napakatahimik at napakalinis ng paligid. Lalo na nang araw na iyon.

Tuwing Sabado kasi ay pumupunta ang mga tao sa lungsod para mamasyal o mamili. Kanilang-kanila ang sapa ng mga oras na iyon. Dati ay nakakasama nila ang ate niya pero nang makapag-asawa na ang kapatid at lumipat na ito sa Maynila ay silang dalawa na lang ni Charie ang nagpupunta roon.

Hinubad ni Maggie ang suot na T-shirt, sunod ang shorts. Ang naiwan na lang ay ang kanyang panloob. Lumingon siya kay Charie. Tila may hinahanap ito. Panay ang hugot nito sa mga bulsa.

“Ano’ng problema?” tanong niya.

“Nawawala kasi ’yung singsing ko.” Nakakunot-noo ito. Tinutukoy nito ang singsing na matagal na nitong pag-aari. May sentimental value iyon sa pinsan niya.

“Di ba suot mo ’yun kanina?” Ginawa nito iyong pendant para maisuot iyon bilang kuwintas. Hindi na kasi kasya ang singsing sa daliri nito.

“Inalis ko kasi kanina at ibinulsa ko muna.” Naaalarma na ang mukha nito.

“Baka nandiyan lang, natabunan.” Nilapitan niya ito. Tinulungan niya itong maghanap sa mga gamit nila.

“Baka nahulog ’yun.” Tila maiiyak ito. “Babalikan ko muna ’yung dinaanan natin. Baka makita ko do’n.” Tumayo ito at nagsimulang maglakad palayo.

“Sasamahan na kita,” alok niya. Umiling ito.

“Hindi na. Dito ka lang. Babalik agad ako.” Lumakad na ito. Nakatingin lang siya sa papalayo nitong likod.

Nalulungkot siya para sa pinsan. Wala itong boyfriend, pero ganito na lang kung ma-heartbroken? Paano pa kaya kung magkaroon ito ng totoong lalaki sa buhay nito?

Iyon ang iniisip ni Maggie habang lumulusong siya sa sapa. Nangingig siya saglit dahil sa lamig ng tubig at ginaw ng hangin. Huminga siya nang malalim at hinayaang mag-relax ang katawan. Mayamaya ay ipinikit niya ang mga mata.



Hindi sigurado si Maggie kung ilang minuto na

siyang nakalitaw sa tubig pero idinilat niya ang mga mata nang makarinig ng mga kaluskos na sinundan ng isang pagsipol.

Dali-dali siyang nagtago sa likod ng isang malaking bato. Alam niyang hindi si Charie ang bagong dating dahil hindi marunong sumipol ang pinsan niya.

Sumilip siya upang tingnan kung sino ang bagong dating. Isang lalaki ang palapit sa sapa. Hindi niya ito mamukhaan. Mukhang hindi ito taga-San Agustin. Agad siyang kinabahan. Mag-isa lang siya roon at babae pa siya.

Napatigil ito nang mapansin ang mga gamit nila ni Charie na nakalagay sa isang tabi. Nakakunot ang noo nito nang nagpalinga-linga sa paligid. Tila hinahanap nito ang may-ari ng mga gamit.

Bumalik siya sa pagtatago. Napalunok si Maggie at napadasal nang wala sa oras. Marami na siyang nabasa na mga balita, nakita na mga palabas, at narinig na mga kuwento tungkol sa mga babaeng nabiktima ng panghahalay. Kahit mababa ang crime rate sa lugar nila, hindi pa rin sila ligtas sa masasamang-loob na mula sa labas.

Lord, please 'wag N'yo ho akong ilalagay sa kapahamakan. Huwag N'yo hong hayaang may masamang mangyari sa 'kin. Lord, parang awa N'yo na! Magpapakabait na ho ako. Hindi na ho ako manonood ng porn o magbabasa ng mga erotica. Iligtas N'yo lang ho ako.

“Hello?” The stranger called to no one in

particular. Napapikit si Maggie na tila ba magiging invisible siya sa paraang iyon. Ilang minuto ang lumipas nang tumawag uli ito.

“May tao ba diyan?” Lumakas pa ang tibok ng puso ni Maggie. She didn’t notice that she was holding her breath for fear that he might hear it.

It was not the way she wanted to lose her virginity. Hindi siya papayag na maging isang kawawang biktima! Lumingon siya sa paligid, naghahanap ng maaari niyang magamit na panlaban. Mamamatay muna siya bago siya magalaw ng estranghero!

“You there!” Natulos siya sa kinatatayuan. Nakita ba siya nito?

“Ikaw na nagtatago sa malaking bato!” Kulang na lang ay himatayin siya sa sinabi nito.

Diyos ko! Ito na ho ba ang hatol N’yo sa ’kin?

“Show yourself!” Hindi siya gumalaw. Ayaw sumunod ng katawan niya sa kanyang utak.

“Magpakita ka!” ulit nito.

Nahihimigan niya roon ang kaunting iritasyon. Nakapanood na siya ng mga TV series tungkol sa forensics. Mula roon ay natutunan niya na dapat iwasang galitin ang isang potential offender dahil maaaring may gawin silang hindi inaasahan.

With a sinking heart, she raised her shaking hands above her head.

“Please! Huwag n’yo ho akong sasaktan! Twenty-five pa lang ho ako at marami pang plano sa buhay. May pamilya ho ako na nagmamahal sa ’kin at naghihintay sa ’king makabalik sa bahay. Maawa ho

kayo sa 'kin!"

Ilang segundong katahimikan.

"What?!" Napalingson siya rito. Mukhang hindi nito alam kung paano magre-react. One moment, nakakunot ang noo nito and the next, magkasalubong ang mga kilay nito.

Noon lang niya napansing may hitsura ito. Tiningnan niya itong mabuti. Hindi nga talaga ito taga-San Agustin. In fact, he seemed like he was not even from any of the near cities and towns.

He was like the Arellano brothers, but different. He looked like sin, except that she could actually get punished just for being tempted.

Pero sa kabila niyon, hindi niya magawang maialis ang tingin sa mukha nito. Hindi ito ang unang beses na nakakita siya ng guwapo, pero ngayon lang siya nakaramdam ng kakaibang kiliti sa iba't ibang bahagi ng kanyang katawan.

Something about him was making her excited.

"Hindi mo kukunin ang virginity ko?" Sigurado siya na hindi siya nito gagawan ng masama nang magtama ang mga mata nila kanina. Parang honey na may halong caramel ang kulay ng mga mata nito. Ang sarap titigan.

"Excuse me?" He looked incredulous. Napangiwi siya sa loob-loob. Tila nainsulto niya ito.

"Akala ko kasi..." Sinubukan niyang magpaliwanag.

"You thought I was going to rape you?" Tumango siya. "My God!"

"Sorry," mahinang sabi niya. "Ah, puwede bang

paabot ng towel ko? Buksan mo lang 'yang malaking zipper ng blue na bag," pakiusap niya rito. Nahihiya siyang makita nito na naka-underwear lang. Tiningnan siya nito ng masama.

"Wow. Matapos mo akong pagbintangang rapist, tatratuhin mo naman akong utusan."

Tumingin lang siya rito, hindi alam kung ano ang sasabihin o gagawin. Nakatayo lang ito roon at nakatingin sa kanya. Nang maging malinaw sa kanya na hindi siya nito tutulongan, nakapagdesisyon siyang lumabas na lang sa pinagtataguan.

"Tumalikod ka muna." Sinubukan niyang pakiusapan ulit ito.

"No," matigas nitong sagot.

Nairita siya bigla rito. "Fine!" Para siyang robot na naglakad papunta rito. Iniiwas niya ang tingin sa estranghero. Nagsisisi siyang kumain siya ng extra rice kaninang almusal. Sigurado siyang takaw-pansin ang bilbil niya nang mga oras na iyon.

Minadali niya ang pagtatapis ng tuwalya bago ito hinarap.

"Sorry kung na-offend kita. Gusto ko lang i-explain na valid ang idea ko. Mali nga lang," taas-noong sabi niya rito. Nailang siya sa ginawa nitong pagtitig sa kanya. Wala nang bahid ng iritasyon sa mukha nito, napalitan na iyon ng kuryosidad.

"What's your name?" Humakbang ito palapit sa kanya.

"M-Margaret." Napaatras siya.

"Well, Miz Margaret, I'm not a rapist." She couldn't

stop looking at his mouth, obviously enthralled at the way his tongue rolled the syllables of her name. Hindi niya namalayang nakaawang nang bahagya ang mga labi niya.

“Besides, you shouldn’t be alone in a place like this. Suwerte mo lang at hindi rapist ang napadaan dito.”

“May kasama ako. Umalis lang siya sandali. Ba’t ka ba napadpad dito?”

“I was exploring.” Pinasadahan nito ang katawan niya. Kahit balot siya ng tuwalya ay nangingig siyang bigla.

“Bakasyunista?”

“In a way.”

Nagtaka siya sa sagot nito.

“Is it true? Na virgin ka pa?” Kung kumakain siya nang mga oras na iyon ay baka nabilaukan siya. Nang mabawi ang composure ay tumingin siya rito nang derecho.

“Tingin mo ba nagsisinungaling ako sa bagay na ’yun?” Hindi siya nahihiyang aminin na virgin pa siya.

Tiningnan siya nito nang matagal bago muling sumagot.

“No.”

“Eh, bakit ka pa nagtatanong?”

“Just making sure.”

“Making sure na ano?”

“Na off-limits ka talaga,” malabong sagot nito.

“Maggie!” Narinig niya ang boses ni Charie sa di kalayuan pero ang atensyon niya ay nasa huling

sinabi ng lalaki sa kanya. Hindi niya alam kung paano iyon sasagutin.

“Well, bumalik na yata ’yung kasama mo. I’ll get going. Nice meeting you, Margaret,” paalam nito. Hindi siya nakasagot. She was bothered by his words and more importantly, she was bothered by him.



It was such a waste, Sebastian thought. Napukaw ng babaeng iyon ang pagnanasa niya. He had seen a lot of naked women, but none had left an impression on him like she did. Maaaring iyon ay dahil ito ang unang taong tumawag sa kanya ng ‘rapist’ o dahil birhen pa ito sa edad na beinte cinco.

He was sure it was either or both of those reasons because she was not the type he would find attractive. Mahaba ang itim nitong buhok, kulay tsokolate ang mapupungay na mga mata, at hindi ganoon kaputi ang makinis na balat. Her lips weren’t even full and her body, average.

Una sa lahat, ang tipo niya ay mga mestiza. Pangalawa, gusto niya ang mga katawang pang-bombshell ang dating. Pangatlo at pinakaimportante sa lahat, ayaw niya sa mga tulad nitong ‘inexperienced.’

Kaya ang babaeng iyon ay off-limits para sa kanya.

But the thing was he couldn’t stop thinking about her. Iniisip pa rin niya kung ano ang magiging pakiramdam na mahawakan ang katawan nito.

Margaret, huh?

Isang araw pa lang siya sa bayang ito ay nasisiraan na siya. Kung hindi lang bilang pabor sa matalik na

kaibigan niyang si Robert ay wala siya rito ngayon. He came there as his younger sister's chaperone.

In love sa kapatid niya si Robert at boto siya rito para sa kapatid niya. Mahal niya si Arabella kaya gusto niyang maging masaya ito. Para sa kanya, magiging maligaya ito sa piling ni Robert at hindi sa tabi ni Dominic Arellano.

Wala siyang maipipintas kay Dominic, pero sa tuwing magkasama ito at ang kapatid niya, nakikita niyang hindi para sa isa't isa ang dalawa.

Bukod doon, mahal talaga nina Arabella at Robert ang isa't isa. Napilitan lang ang kapatid niya na piliin si Dominic dahil mas may pakinabang ito sa pamilya nila at dahil aprubado ito ng mga magulang nila.

"Oh, hey!" Nakasalubong niya sa entrada si Dominic.

"Hi! Namasyal ka?" bati nito. Hindi siya nito tinitingnan sa mata.

"Yep, nag-sightseeing lang sa paligid."

"Great!" Ngumiti ito sa kanya pero iniwas pa rin ang tingin. "Sige, see you later! May aasikasuhin pa ako." Nauna na itong maglakad paakyat ng hagdan. Nagtaka siya sa ikinilos nito.

"You're back early." Lumabas mula sa kusina si Arabella.

"I got tired." Lumapit ito at bumeso sa kanya. "Dominic just got back, too."

"Oh? Sa'n naman siya galing? Akala ko nagmumukmok siya sa library."

Nagkibit-balikat siya. "He seems unwell."

Gumuhit ang pag-aalala sa mukha ng kapatid niya.

“Really? I’ll go check on him.” Iniwan na siya nito sa sala. Hopefully, walang sakit ang lalaki dahil ayaw niyang ma-extend ang pananatili nila sa San Agustin.



“O, ano’ng nangyari diyan sa dalawa?” tukoy ng tatay niya sa kanila ni Charie. Kumakain sila noon ng hapunan.

“Ewan. Baka naengkanto nang maligo kanina sa sapa,” sagot ng nanay niya.

“Hoy, ano’ng nangyari sa inyo?” tawag ng tatay niya. Lumingon si Maggie rito mula sa pagkakatitig sa plato niya.

“Wala naman ho,” sagot niya.

“Eh, bakit ang tahimik ninyo? Lalo na ikaw, Charie, nakakapanibago.” Likas na madaldal kasi ang pinsan niya.

Tumingin si Charie rito. “Ay, wala lang ho, Tiyo. Pagod lang ho talaga ako.”

Bumalik na sila sa pagkain.

Tinapunan ni Maggie ng tingin ang katabi. Kanina nang balikan siya nito sa sapa ay namumula ito. Akala niya nga ay magkakasakit ito pero sinabi nitong maayos naman ang pakiramdam at napagod lang sa kakahanap sa singsing na hindi na nito nakita.

Ngunit pakiramdam ni Maggie ay may hindi sinasabi sa kanya ang pinsan. Hindi niya ito nakulit tungkol doon kanina habang pabalik sila sa bahay mula sa sapa dahil naging abala siya sa pag-iisip tungkol sa lalaking nakasama niya roon. Nakalimutan

niyang itanong ang pangalan nito.

Isinubo niya ang kangkong na mas sumarap ang lasa nang maalala niya ang estranghero at ang pagbigkas nito sa pangalan niya.

2



Naglalakad sina Maggie at ang mga magulang niya kasama si Charie papunta sa simbahan nang umagang iyon. Nakasalubong nila sa daan si Mang Canoy at ang anak nitong si Philip.

“Magandang umaga, Joey, Marta!” bati ni Mang Canoy. Sumabay ito sa paglalakad sa mga magulang niya samantalang sumabay si Philip sa kanila ni Charie. Tumabi ito sa kanya. Nagbatian sila.

May hitsura si Philip. Matangkad din ito hindi tulad ng iba pang mga binata sa lugar nila. Pilipinong-Pilipino ang dating nito. Artistahin, sabi nga ng marami.

“Kelan balik mo sa Maynila?” tanong niya rito. Nag-aaral ito roon ng Mechanical Engineering. Bilib siya sa determinasyon nitong makatapos sa kabila ng kahirapan.

“Bukas na.”

Ngumiti siya rito. Itinuturing niya itong kapatid. Boto siya rito para maging nobyo ni Charie.

“Sayang. Hindi tayo masyadong nakapag-bonding. ’Yaan mo, sunod na balik mo, babawi

kami. Di ba, Charie?” pilit pagsasali niya sa pinsan sa usapan.

Matagal nang nanliligaw si Philip dito, pero hindi pa rin sinasagot ng pinsan niya ang lalaki. Tumango lang si Charie at ngumiti.

Kumunot ang noo ni Maggie. May hindi tama sa pinsan niya. Kahapon pang kakaiba ang ikinikilos nito. Una, hindi na ito masyadong dumadaldal. At ngayon lang ay napaka-passive nito kay Philip na hindi nito dating gawi.

“Okay ka lang?” Siniko niya ito.

“Oo naman.” Ngumiti pa ito. Hindi na siya nagtanong pa. Kakausapin niya ito nang masinsinan pagbalik nila ng bahay.



Nang makarating sila sa simbahan ay malapit nang mapuno iyon. Umupo sila sa kanilang puwesto sa pinakagilid, malapit sa electric fan.

Lagi silang nagsisimba tuwing second mass at sa ganoon kaliit na bayan, kilala na niya kung sinu-sino ang dumadalo sa parehong misang iyon. Tumingin siya sa unahan, at gaya ng inaasahan, nakaupo na roon ang mga Arellano.

Bago nagkolehiyo at nakapagtrabaho ang mga anak ni Don Rafael at bago namatay ang asawa nitong si Doña Alicia pitong taon na ang nakararaan ay laging puno ang bangko ng mga ito. Ngayon, ang naroon na lamang ay si Don Rafael at ang private nurse nitong si Ditas, ang anak ng don na si Dominic, at ang kasintahan nitong si Arabella. Hindi niya makita ang

mukha ng isa pang lalaki na katabi ni Arabella pero kinutuban siyang bigla kung sino iyon.

Naaalala niya ang lapad ng balikat nito at ang porma ng likod nito. Hindi rin niya malilimutan ang tindig nito na hindi niya maipagkakamali sa iba.

Biglang kumabog nang mabilis ang dibdib niya. Bigla siyang nasiyahan na naroon ito.



Komunyon na at pumipila na sila para sa ostiya. Hindi mapakali si Maggie. Madadaanan niya ang bangko ng mga Arellano.

Nakatanggap na siya ng komunyon ay hindi pa rin siya umaalis sa harapan ng pari. Kung di pa niya naramdaman ang tapik ni Charie na nakasunod sa kanya ay hindi pa siya matatauhan. Pagliko niya ay nagtama ang mga mata nila ng lalaki. Nagtaka siya sa nakita sa mga mata nito. He looked funny, like he was hungry or something.

Sinubukan niyang ngitian ito pero dinedma lang siya nito. Nakatuon na ito sa harapan. Napahiya siya.

Nang matapos ang misa ay naglakad na sila palabas ng simbahan. Hindi sila agad nakaalis dahil nagkukuwentuhan pa ang mga magulang niya at ang ilan sa mga kakilala ng mga ito na nagsimba rin.

Lumabas ang mga Arellano kasama sina Arabella at ang estranghero. Nagpanggap si Maggie na abala sa pagtanggap ng imaginary na dumi sa damit niya. Akala niya ay lalagpasan lang siya ng mga ito pero tumigil saglit ang lalaki sa tapat niya.

“Bye, Miz Margaret.” Tumindig ang balahibo niya

sa boses nito. Nang magtaas siya ng mukha ay likod na lang nito ang nakita niya. Kahit nang makauwi sila ay iniisip pa rin niya ang lalaking nagpaparamdam sa kanya ng nakakakiliting sensasyon.



Hindi naiwasan ni Sebastian na kausapin si Margaret. Noong nagdaang gabi, ito ang iniisip niya—ang mukha nito, ang katawan nito, ang boses nito. He even had a wet dream about her, which was one of the hottest he ever had.

She possessed something he couldn't put a finger on. Kanina sa misa ay nagkatitigan sila. Nang makita niya ito, hindi niya mapigilang isipin ang hitsura nitong natatakpan lamang ng mga panloob nito, gaya noong nasa sapa sila.

Gusto niyang makita ulit itong ganoon pero sa pagkakataong iyon, nakapaibabaw na siya rito. Iniiwas niya agad ang tingin dito kanina. Nag-alala siyang baka makita nito sa mga mata niya ang nasa isip niya.

Napagdesisyunan niyang iiwasan na ito para hindi na lumala pa ang pagnanasang nararamdaman niya para sa babae. Ngunit hindi niya napigilang lapitan ito matapos ang misa.

She looked every bit the virgin in her white dress. And like a devil, he couldn't help but come near her.



Nasa bahay nina Maggie ang nanay ni Charie na si Tiya Betty. Hinahanap nito ang pinsan niya. Dadalhin sana nito si Charie sa mansion para tumulong sa malaking handaan kaso ay wala ito sa bahay nila nang

mga panahong iyon. Stay-in maid ang Tiya Betty niya sa mga Arellano at dati ring namamasukan doon si Charie.

She wanted to get a glimpse of the stranger again. She was like an addict looking for another fix of the drug she was craving. So, she volunteered to take Charie's place instead.

Habang papunta sa mansion ay sinubukan niyang kumalap ng impormasyon tungkol sa estranghero mula sa kanyang tiya. Napag-alaman niyang kapatid pala ito ni Arabella.

Gusto pa sana niyang magtanong pero pinigilan ni Margaret ang sarili. Ayaw niyang makahalata ang tiya niya.



Tumulong siya sa pag-aayos ng mga dekorasyon sa malaking hardin. Kasama niya ang dalawa pang katulong.

“Jessa, kumuha ka pa nga ng tela sa karton doon sa sala,” utos ng matanda sa mas batang katulong. Tumalima naman agad ito. Inililigpit niya ang mga diyaryong ipinambalot sa mga vase nang tawagin siya ni Mang Nanding, ang driver ni Don Arellano. Nilapitan niya ito.

“O, Mang Nanding, ano ho 'yun?”

“Pakisabi naman kay Jessa, ilagay ito sa kuwarto ni Señorito Dominic. Kailangan ko nang umalis, eh. May iniuutos pa sa akin ang Don.” Tinanggap niya ang nakatuping damit na iniaabot nito.

“Sige ho.” Umalis na ito. Namataan niyang pabalik

na rin sa hardin si Jessa. May bitbit itong mga tela.

“Uy, Jessa. Sabi ni Mang Nanding pakilagay raw nito sa kuwarta ni Sir Dominic.”

“Jessa!” tawag ng isa pang kasambahay rito.

Lumingon ang dalagita bago tumingin muli sa kanya.

“Ikaw na lang maglagay niyan, please. Pangatlong kuwarta sa kanan sa itaas.” Nagmamadali na itong lumabas nang tawagin ulit ng mas matandang katulong ang pangalan nito.

Naiwan siyang nakatitig sa hawak na damit. Napabuntong-hininga siya bago pumasok sa bahay.

Humakbang siya paakyat ng hagdan.



Nakapunta na siya sa mansion noong bata pa siya at nakapasok na rin doon minsan noong dalagita siya pero ito ang unang pagkakataon na nakaapak siya sa ikalawang palapag.

The floor was made of mahogany. Ang kintab. Ilan kayang katulong ang nakukuba araw-araw para maglagay ng wax doon?

Nagbilang si Maggie ng isa mula sa unang pinto sa kanan. Huminto siya sa pangatlong kuwarta at kumatok ng tatlong beses sa pinto.

“Sir Dominic?” tawag niya. Walang sagot. Kumatok siya uli. “Sir? May ibibigay lang ho akong damit galing kay Mang Nanding.” Wala pa rin. Itinapat niya ang tainga sa pinto. Tahimik sa loob.

Bumuntong-hininga siya. Iniliso niya ang doorknob. Bukas iyon. Itinulak niya nang bahagya

ang pinto at sumilip.

“Sir?” tawag niya. Walang tao sa loob. Tuluyan niyang binuksan ang pinto. Pumasok siya. Naka-on ang aircon.

“Sir, ilalagay ko lang ho itong damit n’yo sa kama, ha?” paalam niya. Wala pa ring sumagot. Nagpatuloy na lang siya sa paglalagay sa damit sa dulo ng kama nito. Bigla siyang may narinig na tumaginting sa sahig, parang metal na bumagsak.

Tiningnan niya kung ano ang nahulog. Isa iyong singsing. Pinulot niya iyon at tinutukang mabuti. Iyon ang nawawalang singsing ni Charie!

“What are you doing here?” Sa pagkagulat ay nabitawan niya ang hawak. Napalingon siya sa lalaking lumabas sa banyo.

Pinamulahan siya nang makitang nakatapis lang ang pang-ibabang katawan nito. Nakita na niyang walang suot na pang-itaas ang tatay niya at ilang mga kabinataan sa lugar nila, pero hindi niya mapigilang mahiya na makita ito sa ayos na iyon. Obvious na katatapos lang nitong maligo. Hindi niya maiwasang mapatingin sa abs nito. Noon lang siya nakakita niyon nang live. Wala naman kasing ganoon ang mga lalaking kakilala niya.

Syet na malagkit.

“I said, what are you doing here?” ulit nito, salubong ang mga kilay.

“A—akala ko kuwarto ’to ni Sir Dominic.” Tumayo si Maggie mula sa pagkakaluhod sa sahig. Kung posibleng mag-isang linya ang kilay nito ay ginawa

na nito iyon.

“At bakit mo naman hinahanap si Dominic?” Inilang hakbang lang nito ang distansya sa pagitan nila. Para siyang mabubuyo, kung sa bango nito o sa lapit nito, ay hindi niya alam.

Napaatras siya dahilang upang mabuwal siya sa kama.

“What are you doing now? Are you trying to seduce me?” Napatitig lang siya rito. Masyado siyang nagulat sa mga pangyayari na hindi siya makagalaw o makapagsalita man lang.

“Well then, I will oblige you, Miz Margaret.” Pinaibabawan siya nito. Napakalapit ng mukha nito sa mukha niya. Nakabibingi ang pagtambol ng kanyang dibdib. Gusto niyang itulak ito palayo pero hindi niya magawa.

“Sebastian...” She said his name like a breathless whisper. Natigilan ito.

“Hearing you say my name like that turns me on.” Inilapit pa nito ang mukha sa kanya. Their foreheads touched.

“What do you want me to do, Margaret?”

“Kiss me,” walang pag-aalinlangan niyang sabi. Ngumiti lang ito pero hindi siya hinalikan. Sa halip, naramdaman niya ang paggapang ng kamay nito pataas sa palda niya. Bumilis ang paghinga niya.

“Ever since I saw you, I couldn’t stop thinking about how soft you would feel.”

Napakagat-labi siya nang ipasok nito ang kamay sa loob ng panties niya. It was the first time someone

touched her there. Minasamasahe nito ang bahagi niya roon. Hindi niya maintindihan ang kasabikang namumuo sa kanyang puson. She had only read and watched about it before. Ngayon, nae-experience na niya iyon.

“Or how wet you would be.”

Napasinghap siya nang pumasok ang daliri nito sa loob ng pagkababae niya. Kakaiba ang pakiramdam niya. Sa kanyang utak, hindi niya dapat hinahayaan ang lalaki sa ginagawa pero may sariling isip ang katawan niya. Hindi niya napigilan ang pag-ungol ng ilabas-masok nito ang daliri sa parte niyang iyon. She had never felt pleasure like that.

“Sebastian!” paulit-ulit niyang sinambit ang pangalan nito habang patuloy ang paggalaw ng daliri nito sa loob niya. Nararamdaman niyang may ibig sumabog sa loob niya.

“Look at me while I f*ck you with my fingers.” She did and it didn’t take long for her to explode. Hindi niya akalain na ganoon pala ang pakiramdam niyon, na parang may isang libong boltahe ng kuryenteng dumaan sa katawan niya para buhayin ang bawat himaymay ng pagkatao niya.

She was panting after reaching her orgasm. Napapangiti siya sa kaligayahang nararamdaman. Napasalampak sa tabi niya si Sebastian.

“You were amazing,” sabi nito mayamaya. Nakatingin ito sa kisame. Humarap siya rito. Ang alam ni Maggie, linya niya dapat iyon. Hindi niya alam kung ano ang sasabihin. *Thanks, ikaw rin? Kaya,*

nginitian lang niya ito.

“So, ano na?” tanong niya bigla. Kumunot ang noo nito.

“Ano’ng ano na?”

“Ano na tayo ngayon?”

Natahimik ito.

Parang sasama ang pakiramdam niya. Hindi naman talaga siya bobo, tanga lang. Alam niya na para sa mga tulad nito ay normal lang ang gumawa ng ganoong bagay, base na rin sa mga nababasa niya sa Internet at naririnig sa mga kakilala na galing sa malalaking siyudad. Pero umasa pa rin siya na may espesyal na namagitan sa kanila ng lalaki, na kahit papaano ay may ibig sabihin ang nangyari sa kanila.

“We stay like before,” sagot nito sa wakas.

“Okay,” agad niyang tugon. Pinilit niyang ngumiti para hindi nito mahalata na nadismaya siya. Gusto niyang lumabas doon nang may dignidad, kahit pira-piraso pa iyon. Bumangon siya. Sumunod ito.

“I’m sorry.” Gusto niyang sapakin ang pagmumukha nito. Ginamit niya lahat ng lakas niya para hindi malukot ang mukha.

“Don’t be. Ginusto ko rin naman ang nangyari. Wala naman tayong napagkasunduan bago ang insidente, so don’t feel burdened. Ba’t hindi na lang natin pasalamatang isa’t isa para sa isang good time? Nag-enjoy ka rin naman, di ba?” Napanganga ito sa kanya. Ipapakita niya ritong hindi siya ignorante sa ganoong mga bagay. Nang makabawi ay mabagal itong tumango.

“T-thanks, I guess?” Naguguluhan na ito kung ano dapat ang sabihin sa kanya.

“My pleasure.” Parang mapupunit ang mukha niya sa pagpipilit na ngumiti. Walang lingon-likod na lumabas siya ng kuwarto nito.

Halos liparin ni Maggie ang hallway pababa sa sala. Nasasaktan siya pero higit doon ay nahihiya siya. Nagagalit din siya sa sarili dahil nagpagamit siya. Anong klaseng babae ang papayag na magpahawak nang ganoon sa isang lalaking nakilala lang nito noong isang araw? Ang masaklap pa, nagmakaawa siyang halikan nito—bagay na hindi naman nito ginawa.

Pakiramdam ni Maggie ay napakababa niyang klase ng babae. Gusto na niyang lumayo sa lugar na iyon. Hinanap niya ang Tiya Betty niya at sinabi rito na masama ang pakiramdam niya at uuwi na.

3



Masama ang gising ni Sebastian. Naalala niya ang tagpo sa pagitan nila ni Margaret kahapon. That same day, Dominic and Arabella also got engaged.

Huli niyang naaalala sa mga naganap kagabi ay tinawagan niya si Robert para sabihin dito ang nangyari. Hindi na siya nakapag-concentrate pa sa ibang bagay na may kinalaman sa love life ng iba. He was bothered by thoughts of Margaret—her scent, her moans, her wetness. Gusto niyang makita uli ito.

Nang bumaba siya para sa almusal, naghihintay na roon si Don Rafael, si Dominic, at si Arabella.

Pinag-uusapan ng mga ito ang pagpunta nila mamaya sa kabilang bayan kung saan may kaibigan si Don Rafael na may farm house doon.

“They grow cacaos there and produce chocolates as well,” paliwanag ni Arabella sa kanya.

“Great! I’d love to go.” Nagpanggap siyang interesado.



Nakabusangot si Maggie habang nagsusulat sa class record. Wala talaga siyang ganang pumasok nang

araw na iyon pero may tungkulin siya bilang guro ng mga bata. Tumingin siya sa orasan sa dingding. Dalawang oras pa bago magtanghalian.

“Ma’am! Ma’am!” Nakatayo ang isa niyang estudyante. “Nilalagnat po si Kenny,” tukoy nito sa katabi. Tumayo siya at lumapit sa batang nakasubsob ang ulo sa mesa.

“Kenny?” Hinawakan niya ang leeg nito, pagkatapos ay ang noo nito. Mainit nga ang bata.

“Masakit po ulo ko, ma’am,” sabi nito.

“Pupunta tayo sa clinic.” Inalalayan niya ang bata na tumayo. “Crissa, bantayan mo muna ang klase,” habilin niya sa class president.

“Yes, ma’am,” sagot nito.

Papunta ng Santa Terisita si Maggie kasama si Kenny, ang estudyante niyang nagkasakit. Bumaba na ang lagnat nito at hindi na raw masyadong masakit ang ulo. Hindi niya makontak ang mga magulang nito kaya nagdesisyon siyang ihatid pauwi ang bata. Ipinagmaneho sila ng kapwa niya guro sa parehong paaralan, si Milo.

“Salamat talaga at nag-volunteer kang ihatid kami,” sabi niya sa co-teacher.

“No problem.” Ngumiti ito sa kanya.

“Hindi ka tuloy makakapag-lunch.” Nahihiya pa rin siya sa ginagawa nitong pabor para sa kanya.

“Okay lang ’yan, Teacher Maggie. Masaya akong makatulong sa mga teacher na buwis-buhay sa propesyon nila.” Siya naman ang napangiti.

Milo was cute. Masarap siguro itong maging best

friend. Hindi sila masyadong nagkakasama dahil iba ang mga kabarkada niyang teacher sa mga laging kasama nito. Bago rin kasi ito sa paaralan nila.

Marami pa silang napag-usapan sa daan. Masaya siya na may bago na siyang kaibigan. Nang maihatid na nila si Kenny sa tatay nitong si Mang Jules ay inalok sila ng matandang lalaki na magtanghalian doon. Pinaunlakan naman nila ang imbitasyon nito.



“Mang Jules?” tawag ni Sebastian sa isa sa mga farm hands. May nakapagsabi sa kanya na nasa kubo na iyon ito. Doon madalas kumakain o nagpapahinga ang mga trabahador sa farm.

“Lalakad na ho kayo?” Si Mang Jules. Lumabas ito mula sa kubo.

“Oo, kung ready ka nang umalis,” sagot niya rito.

“Mang Jules, salamat ho talaga sa tanghalian. Nabusog ho kami ni Milo.” Natigilan si Sebastian nang marinig ang boses na iyon. Mas lalo siyang nagulat nang lumabas ang may-ari niyon mula sa kubo. Nakatayo sa harapan niya ang babaeng laman ng kanyang isip. Nang lumingon ito sa gawi niya ay namilog ang mga mata nito.

“Salamat ho talaga, Mang Jules. Puwede na akong hindi kumain hanggang hapunan.” Lumipat ang atensyon niya sa lalaking sunod na lumabas kay Margaret. Bigla siyang nakaramdam ng inis dito sa hindi niya matukoy na dahilan. Napatingin din ang lalaki sa kanya.

“Mga teacher ho sa paaralan ng anak ko, Señorito.

Si Ma'am Maggie at si Sir Milo. Hinatid ho nila ang anak ko dito kasi nailalagnat," ani Mang Jules.

"Si Señorito Sebastian," pagpapakilala nito sa kanya sa dalawa.

"We know each other," sabi niya, hindi inaalís ang tingin kay Margaret.

"Talaga ho, ma'am?" tanong ni Mang Jules kay Margaret.

Tumango ang babae, halatang pilit ang ngiti.

"Nakilala ko siya nang tumulong ako sa mansion ng mga Arellano."

Naiinis si Sebastian na umaasta itong parang walang nangyari sa kanilang dalawa. *I finger-f*cked you, damn you!*

"Let's go," sabi niya kay Mang Jules.

"S'an kayo pupunta?" ang lalaking katabi ni Margaret ang nagsalita. Masama ang tinging ipinukol niya rito.

"Ihahatid ko si Señorito sa San Agustin," ani Mang Jules.

"Eh, di sumabay ka na lang sa 'min. D'un din naman kami papunta," alok nito sa kanya. Tiningnan niya si Margaret. Mukhang nahindik ito sa suhestiyon ng kasama.

"Sure," sagot niya.



Parang mabubutas na ang ulo ni Margaret mula sa mga titig ni Sebastian na nakaupo sa likuran nila. Tila mas mabagal ang daan pabalik sa San Agustin.

"Ilang araw kang magbabakasyon rito?" tanong

ni Milo kay Sebastian.

“Two more days.”

“Ano na’ng mga napasyalan mo sa San Agustin?”

“*Butterfly Sanctuary, Rose Garden, ang sapa.*”

Kinagat ni Margaret ang loob ng bibig sa huling sinabi ng lalaki.

“Nice.” Walang kaalam-alam si Milo sa tensyon sa pagitan nila ni Sebastian.

“Ano’ng trabaho mo sa Maynila?”

“I manage our furniture business. Mahilig akong gumawa ng mga bagay gamit ang kamay ko.” Ini-stress talaga ni Sebastian ang salitang ‘kamay.’

“So, since childhood ka pa talaga mahilig maggawa-gawa ng mga bagay?”

“Uh-huh. I like to use my hands a lot, especially if it makes people happy.” She could almost hear the double meaning in his words.

“I even got into painting. Mostly, I use fingers. I can make a lot of different strokes with it.” Maggie crossed her legs to stop the liquid from leaking out of her underwear.

“I like to feel things, touch things.” Pinigilan ni Maggie ang mapaungol.

“Milo, puwede ba tayong tumigil sa gasoline station? Gusto kong mag-CR,” pakiusap niya rito.

“Okay, sige.” Ilang minuto pa ay humimpil na sila sa gasoline station. Bumaba siya at naglakad papunta sa CR.

Isinara niya ang pinto at tumingin sa refleksyon sa salamin. She felt like hell, what with the devil sitting

behind her in the car.

Kailangan niyang matutunan na hindi pansinin ang lalaki. Hindi niya ito hahayaang maapektuhan siya nang ganoon.

Bumukas ang pinto. Nagulat siya nang pumasok si Sebastian doon. Ini-lock nito doorknob.

“Ano’ng ginagawa mo rito?” di-makapaniwalang tanong niya rito. Humakbang ito palapit sa kanya.

“I want you, Margaret.” Nakulong siya sa pagitan nito at ng lababo. He put his hands on her hips and lifted her to place her on the sink.

“Tigilan mo ako. Hindi ako natutuwa.” Ngunit hindi rin niya ito magawang itulak palayo. Itinaas nito ang laylayan ng palda niya.

“You want this too.” Ibinaba nito ang panties niya. Lumuhod ito sa kanyang harapan. Alam niya kung ano ang balak nito, nabasa niya iyon minsan sa isang magazine. Ayaw man niya pero nanabik siya sa gagawin nito.

“Naghihintay si Milo sa labas.” Dumilim ang mukha nito sa pagbanggit niya sa pangalan.

“It’s fine. I’ll make this fast. Besides, you won’t be thinking about him while I’m doing this to you.” Naramdaman niya ang dila nito sa pribado niyang parte. Napahawak siya sa sink nang laruin ng dila nito ang sensitibong bahagi niya.

“Oh, God!” It felt so dirty, yet so good to have his tongue touch her where his fingers were yesterday. If he was indeed a god, he was the god of sex.

His strokes were decadent. She groaned and

moaned. It encouraged him. Hindi niya napigilang maihawak ang isang kamay sa buhok nito. She didn't know if she was pushing or pulling him. Naguguluhan siya kung gusto niyang itigil nito ang tila bawal na sarap na ipinaparamdam nito sa kanya o hayaan itong ipagpatuloy ang ginagawa.

Her breathing grew heavy as she neared her peak. Pataas nang pataas ang sensasyon hanggang sa hindi na niya napigilan ang tuluyang makaabot sa sukdulan. Pangalan nito ang isinigaw niya.



It was a silent ride to San Agustin. Nang ibaba nila ang lalaki sa mansion ay nagpasalamat lang ito pero nakatitig ito sa kanya hanggang sa makalayo na ang sasakyan nila. Pilit iwinaksi ni Maggie ang mga pangyayari nang hapong iyon at nag-focus na lang sa klase. Ngunit nang makauwi na ay hindi na niya napigilan ang pag-iisip sa kapangahasan nila ni Sebastian sa gas station.

Official bobita ka na talaga, Margaret! Nagpauto ka na naman sa lalaking 'yun.

“Maggie, kakain na,” tawag sa kanya ng tatay niya. Bumangon siya sa kama at lumabas ng kuwarto. Dumulog na siya sa hapag.

“Nas'an si Charie?”

“Pumunta ng Maynila.”

Gulat siyang napatingin sa nanay niya. “Po? Kelan?”

“Kaninang umaga.”

“Ano daw po'ng gagawin niya sa Maynila?”

Nagpalipat-lipat ang tingin niya sa mga magulang.

“Magtatrabaho raw.”

“Ba—” naputol ang sasabihin niya nang biglang sapuhin ng tatay niya ang dibdib nito. Nahulog ito sa upuan.

“Joey!”

“Tay!”



“Bro, please. Tulungan mo ako this last time. Hindi ko kayang mawala si Arabella sa 'kin,” pagmamakaawa ni Robert kay Sebastian. Kausap niya ito sa cellphone.

“Bert, alam mong ikaw ang gusto ko para sa kapatid ko. Kaso wala akong magagawa kung pipiliin ni Arabella si Dominic.”

“You know that she really doesn't love him. Napipilitan lang siya dahil sa parents n'yo. Please, Basty.” Desperado na ang boses nito. Naipikit niya ang mga mata sa frustration.

“Okay. I'll think of something.” Suko na siya.

“Thanks, bro. I owe you one.” Pinutol na niya ang tawag.

Everyone deserved to be happy. Ang kapatid niya, ang matalik niyang kaibigan, at kahit na si Dominic. The way he saw it, it would be best for everyone if the marriage wouldn't push through.

Mag-iisip siya ng plano kung paano niya mapaghihiwalay ang dalawa.



Nasa kuwarto sa ospital sina Maggie at ang nanay

niya. Mahimbing na natutulog ang tatay niya sa kama.

“S’an tayo makakahanap ng gan’un kalaking halaga, Nay? At sa lalong madaling panahon?”

“Hindi tayo pababayaan ng Diyos. Makakakita tayo ng pera para sa operasyon ng tatay mo.”

“Tinawagan ko ho si Ate. Sabi niya tutulong siya sa pagkalap ng pera para sa pagpapagamot ng puso ni Tatay.”

“Mabuti.”

Tinabihan niya ito. “Nay, ayokong mawala si Tatay.”

Pinisil nito ang kamay niya. “Hindi siya mawawala. Nandito tayo para siguraduhin ’yun.”



Umaga noon at pagod na naglalakad si Maggie papunta sa eskwelahan. Walking distance lang iyon mula sa bahay nila. Naiwan sa ospital ang nanay niya para magbantay. Maaga siyang bumalik sa bahay nila para magbihis. Babalik pa siya roon sa tanghali upang magdala ng dagdag na gamit para sa tatay niya.

Binusinahan siya ng isang asul na *Jaguar*. Bumagal ang pagtakbo nito. Nang bumaba ang bintana, sumungaw ang mukha ni Sebastian. Sumikdo ang puso niya nang makita ito.

“Punta kang school?” tanong nito. Tumango lang siya. “Hatid na kita.”

“Malapit lang naman ’yun. Maglalakad na lang ako.”

“Come on. Promise ko, hindi kita kikidnapin.”

Nag-isip muna siya bago pumasok sa sasakyan.

Nang maisara na niya ang pinto ay nagmaneho ito pero mabagal lang ang takbo.

“Sa ‘yo ‘to?” tanong niya rito.

“Nope. Hiniram ko lang kay Dominic. May kailangan kasi akong puntahan sa lungsod.”

“Ah.”

“Okay ka lang?” Lumingon siya rito. “Mukhang may problema ka.”

Ibinalik niya ang tingin sa harapan.

“Naospital ang tatay ko. Atake sa puso.”

Natahimik ito saglit. “I’m sorry to hear that. How is he now?”

“Kailangan niyang maoperahan as soon as possible. Naghahanap pa kami ng pera ni Nanay para mabayaran ang downpayment. Bukod d’un, kelangan pa naming makapag-ipon ng pera para panggastos sa paglipat niya sa Maynila kung saan siya ooperahan.”

Tumahimik uli ito. “How much do you need?”

“Around one million.”

Pagkatapos ng tatlong minuto, nagsalita si Sebastian. “I’ll give you the money.”

Napatanga siya sa anunsyo nito. “H—hindi ko matatanggap ang pera.”

“Why not?” Kumunot ang noo nito.

“Hindi tama.” *Ayaw kong magkautang na loob sa ‘yo.* Nakita niyang hindi nito maintindihan kung bakit hindi tama na bigyan siya nito ng pera.

“What’s wrong with me helping you? You can pay me back when you get the money.”

“Ayoko. Hindi ako komportable na umutang

sa 'yo." Huminto ang sasakyan sa tapat ng gate ng eskwelahan.

"Then, kunin mo ang pera bilang bayad." Siya naman ang kumunot ang noo.

"I can give you one million. In exchange, paghiwalayin mo sina Arabella at Dominic." Literal na napanganga siya sa sinabi nito.



Pumasok si Maggie sa hospital room ng tatay niya.

"Hello?" May katawagan sa cellphone ang nanay niya. "Jenebe?"

Isa lang ang kilala niyang Jenebe. Iyong babaeng nagpapautang ng pera at doble kung makahingi ng interes. Lumabas ang nanay niya sa kuwarto.

"Pasensya na kayo, 'nak. Dapat inalagaan kong mabuti ang sarili ko para hindi kayo nahihirapan nang ganito." Gusto niyang maiyak sa sinabi ng tatay niya.

"Tay, 'wag kayong mag-isip nang ganyan. Hindi ka namin sinisisi ni Nanay. Ililigtas ka namin anuman ang mangyari."

Nang gabing iyon, tinawagan niya ang numerong iniwan sa kanya ni Sebastian pagkatapos siya nitong ihatid sa eskuwelahan.

Take it. Just in case you change your mind, ang sabi nito.

Sumagot ang lalaki sa ikatlong ring.

"Hello, Sebastian? Si Margaret 'to. Payag na 'ko sa plano mo."